



PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYONG RESIDENSIYAL NG GOLETA WATER DISTRICT

A. MGA DETALYE AT PAGIGING AVAILABLE NG PATAKARAN

Ang patakaran sa pagputol ng serbisyong residensiyal ay ilalapat kapag hindi binayaran ang mga singil sa tubig para sa mga tirahan, kasama ang mga tirahan ng isang pamilya, tirahan ng maraming pamilya, mga mobile home, kasama ang mga mobile home sa mga mobile home park, at pabahay sa nagtatrabaho sa bukid. Ang patakarang ito ay hindi para sa hindi-residensiyal na serbisyo ng tubig. Ang patakarang ito ay sumusunod sa California Water Shutoff Protection Act, California Health and Safety Code Section 116900 et seq. (ang Act).

B. ABISO SA PAGIGING DELINKUWENTE AT PAGPUTOL SA RESIDENSIYAL NA SERBISYO

Hindi ihihinto ang residensiyal na serbisyo sa hindi pagbabayad hanggang maging delinkuwente ang account ng 60 araw man lang.

Ang kostumer na pinangalanan sa account ay bibigyan ng Abiso sa Lumagpas sa Pagbabayad ng 15 araw ng negosyo man lang bago putulin ang serbisyo. Kung ang singil sa tubig ay hindi nabayaran ng 20 araw matapos ang nakatakdang petsa, ang mas malaki sa 1.5% ng delinkuwenteng balanse o \$5.00 ay ilalapat. Kung hindi binayaran ang delinkuwenteng balanse sa petsang nakatakdang nakasaad sa Abiso ng Lumagpas sa Pagbabayad, may \$33.50 Bayad sa Abiso sa Lock-Off (Dilaw na Tag) ang itatasa at ang serbisyo sa tubig ay puputulin.

C. PAANO IAAPELA ANG SINGIL SA TUBIG O PAGHILING SA PAG-ADJUST NG MGA BAYARIN SA PAGKAANTALA

Maaaring iapela ng mga kostumer ang singil sa tubig sa pagtawag sa (805) 964-6761 para kumuha ng Form para sa Petisyon na Iapela ang Singil sa Tubig. Ang form ay dapat kumpletuhin at isumite sa Goleta Water District sa pagsapit ng petsang nakatakda na nakalista sa Abiso sa Lumagpas sa Pagbabayad.

Maaaring iapela ng kostumer ang determinasyon ng kawani sa isang apela sa Lupon ng Mga Direktor ng Distrito sa pamamagitan ng pagsumite ng nakasulat na abiso ng apela sa loob ng 10 araw ng negosyo ng pagpapadala ng Distrito ng determinasyon nito.

Maaaring humiling ang mga kostumer ng pag-aayos ng mga bayad sa pagkaantala sa pagtawag sa (805) 964-6761. Ang mga bayad sa naantalang bayad ay maaaring isaayos kung ang kostumer ay walang nakaraang naantalang bayad sa nakaraang 12 buwan. Ang mga pag-aayos sa naantalang bayad ay maaaring ibigay bilang minsanang kortesiya at ang mga bayad sa pagkaantala sa hinaharap ay hindi ipapaubaya maliban kung naipakita ang katayuan sa mababang kita.

D. MGA DEFERRED NA BAYAD O ALTERNATIBONG ISKEDYUL SA PAGBABAYAD

Mga deferred na bayad:

- (1) Bago ang nakatakdang petsa, maaaring tumawag ang mga kostumer sa (805) 964-6761 para humiling na i-extend ang petsang nakatakda.

- (2) Kung lumagpas na ang petsang nakatakda, ang mga kostumer na hindi makakabayad ng buong balanse ay dapat humingi ng pag-aayos sa pagbabayad para maiwasah ang pagputol.
- (3) Ang mga extension ng petsa na nakatakda ay hindi papayagan kung ang kostumer sa kasalukuyan ay nasa pakikipag-aayos sa bayad.
- (4) Ang mga kostumer na nabigyan ng extension ng oetsa na nakatakda ay hindi tatasahan ng mga multa o sasailalim sa pagputol, sa kundisyon na nasa oras magbayad ang kostumer ayon sa pinagkasunduang petsa ng extension at hindi maging delinkuwentente sa mga singil sa kasalukuyang serbisyo.
- (5) Ang petsa na nakatakda ay hindi mae-extend nang lagpas sa petsa na nakatakda ng susunod na singil.

Mga alternatibong iskedyul sa pagbabayad o pag-aayos ng bayad:

Maaaring tumawag ang mga kostumer sa (805) 964-6761 para humiling ng alternatibong iskedyul sa pagbabayad. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay dapat isagawa bago ang petsang nakatakda na naka-print sa Abiso sa Lumagpas sa Pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Hindi papayagan ang mga pag-aayos sa pagbabayad sa araw ng pagputol.

Ang mga alternatibong pag-aayos ng pagbabayad ay karaniwang dapat makatugon sa mga sumusunod na inaatas:

- (1) Ang mga alternatibong pag-aayos ng pagbabayad ay magagamit nang hindi mahigit sa dalawang beses bawat taon at kasama lang ang balanse ng lumagpas sa pagbabayad.
- (2) Ang kostumer ay hindi maaaring sa kasalukuyang nasa pag-aayos sa pagbabayad o may extension sa petsa na nakatakda.
- (3) Ang mga kostumer na hindi nakasunod sa alternatibong pag-aayos sa pagbabayad ay hindi magiging nararapat sa isa pang alternatibong pag-aayos sa pagbabayad ng 12 buwan mula sa petsa ng nakaligtaang pagbabayad.
- (4) Ang anumang mga halaga na nakatakda bilang resulta ng isinauling bayad ay hindi isasama sa isang alternatibong pag-aayos sa pagbabayad.
- (5) Ang anumang nilipat na balanse mula sa ibang account ay hindi isasama sa isang alternatibong pag-aayos sa pagbabayad.
- (6) Ang pagbabayad na may mabuting layunin ng hindi bababa sa 25% ng balanse na lumagpas sa pagbabayad ay kailangan.
- (7) Ang pag-aayos ay hindi maaaring lumagpas sa nakatakdang petsa ng susunod na singil kung gumagawa lang ing iisang pag-aayos sa pagbabayad.
- (8) Ang petsa ng unang pagbabayad sa alternatibong pag-aayos sa pagbabayad ay hindi maaaring itakda ng mahigit sa 30 araw mula sa petsa na ang pag-aayos ay sinang-ayunan ng kostumer.
- (9) Ang mga bayad ay hindi maaaring mahigit sa 30 araw ang layo.
- (10) Ang mga kostumer ay responsable para sa lahat ng kasalukuyan at panghinaharap na siklo ng pagsingil sa deferred na panahon ng pag-aayos.
- (11) Sa karaniwan, ang opsiyon sa muling pagbabayad ay mag-aatas ng muling pagbabayad sa umiiral na balanse ng kostumer sa loob ng 12 buwan.

Kabiguang Sumunod:

Maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig ng kostumer na nabigyan ng deferred na pagbabayad o ibang pag-aayos sa pagbabayad at kung:

- (A) Nabigo ang kostumer na sumunod sa ipinagkaloob na kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o deferral sa plano ng pagbabayad para sa mga singil sa delinkuwentente sa loob ng 60 araw o higit pa; o
- (B) Habang isinasagawa ang ipinagkaloob na kasunduan sa pagbabayad ng amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o deferral sa plano ng pagbabayad para sa mga singil sa delinkuwentente, ang kostumer ay hindi nagbabayad ng kanyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa tirahan para sa 60 araw o higit pa.

Magpo-post ang Distrito ng Abiso sa Lock-Off sa makikitang lokasyon sa address ng serbisyo ng hindi mas maikli sa limang araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo.

E. DEMONSTRASYON NG MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN AT EKONOMIKONG KAHIRAPAN

Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig kung ipinamalas ng kostumer ang medikal na pangangailangan at ekonomikong kahirapat at payag na pumasok sa pag-aayos sa pagbabayad na inaprubahan ng Distrito. Maaaring tumawag ang kostumer sa (805) 964-6761 at kumuha ng Aplikasyon sa Medikal na Pangangailangan at Ekonomikong Kahirapan.

Ang nakumpletong aplikasyon para ipakita ang medikal na pangangailangan at ekonomikong kahirapan ay dapat isumite ng kostumer sa Goleta Water District bago ang nakatakdang petsa ng napipintong pagputol ng serbisyo. Rerepasuhin ng Distrito ang nakumpletong aplikasyon at pangsuportang dokumentasyon sa loob ng pitong araw, at: (1) abisuhan ang kostumer ng pag-aayos sa pagbabayad na napili ng Distrito at hingin ang nilagdaang pagpayag ng kostumer na lumahok sa alternatibong pag-aayos; (2) humiling ng karagdagang impormasyon mula sa kostumer; o (3) abisuhan ang kostumer na hindi siya nakakatugon sa inaatas na medikal o pinansiyal na kundisyon. Hindi makakagawa ang mga kostumer ng pag-aayos sa pagbabayad sa araw ng pagputol.

Hindi ihihinto ng Distrito ang residensiyal na serbisyo sa tubig para sa hindi pagbabayad kung lahat ng mga sumusunod na kunsiyon ay natugunan:

- (1) Ang kostumer, o nangangupahan sa kostumer, ay magsusumite sa Goleta Water District ng sertipikasyon ng tagapaglaan ng pangunahing pangangalaga, na ang terminong iyon ay may kahulugan sa subparagraph (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 14088 ng Welfare and Institutions Code, na ang pagputol sa residensiyal na serbisyo ay banta sa buhay, o magpipinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng lugar kung saan nilalaan ang residensiyal na serbisyo.
- (2) Nagpakita ang kostumer na pinansiyal siyang hindi makakapagbayad ng residensiyal na serbisyo sa loob ng normal na siklo ng pagsingil. Ituturing na hindi kayang magbayad ng kostumer para sa residensiyal na serbisyo sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng Goleta Water District kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tamatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o nagsumite ang kostumer ne nilagdaang deklarasyon na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng lebel ng pederal na kahirapan.

Ang mga kostumer na nakakatugon sa pamantayan sa itaas ay dapat sumang-ayon sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na naaayon sa patakarang ito upang maiwasan ang pagtigil sa serbisyo ng tubig.

F. MGA UMUUPA AT MGA IBANG RESIDENSIYAL NA NAKATIRA

Nalalapat ang seksiyong ito kung mayroong isang kasera-umuupa o katulad na relasyon sa pagitan pagitan ng mga naninirahan at ng may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, at ang residensiyal na serbisyo ay nakabinbin ang pagputol dahil sa hindi pagbabayad.

Kung may binigay na indibiduwal na may metrong residensiyal na serbisyo sa mga nakatira, at ang may-ari, manager o nagpapatakbo ng tirahan, istraktura o parke ay ang kostumer na nasa talaan, at delinkuwenteng account, ang mga tumitira sa tirahan ay may karapatang maging mga kostumer ng Distrito, kung kanino sisingilin ang serbisyo, nang hindi inaatasang magbayad ng anumang halaga na maaaring nakatakda sa delinkuwenteng account. Ang mga nakatira ay maaaring tumawag sa (805) 964-6761 para makipag-ayos upang maging mga kostumer. Dapat din silang sumang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon ng Distrito sa serbisyo, Code at mga regulasyon.

Kung ang pag-aari ay nasa katayuang “naputulan”, ang bagong kostumer ay kailangang magbigay ng kasunduan sa lease o ibang katibayan ng legal na paninirahan sa tanggapan ng Goleta Water District bago umusad.

Para sa mga master na metered na residensiyal na account, hindi magagamit ang serbisyo ng mga nakatira maliban kung ang bawat nakatira ay sasang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at nakatutugon sa mga inaatas ng batas at ng Goleta Water District Code at mga patakarang. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga residente ng tirahan ay handa at aako ng responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Goleta Water District, o kung mayroong isang pisikal na paraan na ligal na magagamit ng Goleta Water District na pumipili ng pagtatapos ng serbisyo sa mga residenteng nakatira na

hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng Goleta Water District Code at mga patakaran, ang Goleta Water District ay magbibigay ng serbisyo sa mga residenteng nakatira na nakatugon sa mga kinakailangang iyon.

Ang residenteng nakatira ay dapat magbigay ng patunay ng agarang pagbabayad ng upa o iba pang obligasyong pang-kredito na katanggap-tanggap sa Goleta Water District para sa panahong iyon.

Sa kaso ng mga nangungupahan na naninirahan sa isang nakahiwalay na isang pamilyang tirahan, upang ang halaga na nakatakda sa delinkuwenteng account ay ipapaubaya, ang nakatira na naging isang kostumer ay dapat munang patunayan na ang delinkuwenteng account ng ng kostumer sa talaan ay o dating kasera, manager, o ahente ng tirahan. Maaaring kasama sa pagpapatotoo ang, ngunit hindi limitado sa, kasunduan sa lease o upa, mga resibo sa pag-upa, isang dokumento ng pamahalaan na nag-iindika na umuupa ang naninirahan sa pag-aari, o impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Seksiyon 1962 ng Civil Code.